# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 24, 2022, LUNES, IKA-9:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad – nasa lakad - opisyal |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 11/04/22 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: 03 NOV 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 418-T2022**

**KAPASIYAHAN PINAGTITIBAY ANG PAGKILALA AT PAGKAKALOOB NG AKREDITASYON SA SOIL AGRICULTURE COOPERATIVE, BARANGAY CALIOS, SANTA CRUZ, LAGUNA BILANG ISANG PEOPLE'S ORGANIZATION NG BAYANG ITO.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan sa Sangguniang Bayan na may petsa Setyembre 13, 2022 na kilalanin ang Soil Agriculture Cooperative, Barangay Calios, Santa Cruz, Laguna bilang isang lehitimong Samahang Pampamahalaan na maging bahagi ng Civil Society Organization ng bayang ito;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay nararapat upang patuloy na maging kabahagi at kabalikat ang nabanggit na samahan sa mga programa ng ating bayan gayundin ay nakapagsumite ang samahan ng kaukulang dokumento sa kanilang pagkilala at pagkakaloob ng akreditasyon;

**SAPAGKAT,** layunin ng Pamahalaang Bayan ang mabigyan ng tamang pagkilala at mapasama bilang isang Civil Society Organization sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Patrocinia S. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Regine S. Regalado, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Mark Anthony P. Joven at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Bigyang Pagkilala at pagkakaloob ng Akreditasyon sa Soil Agriculture Cooperative, Barangay Calios, Santa Cruz, Laguna bilang isang People's Organization ng bayang ito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, CSO Desk Officer, DILG, Soil Agriculture Cooperative, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 24, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
11-02-22